ALITUNTUNIN NG PAGKILOS PARA SA MGA SUPPLIER NG CROWN EQUIPMENT CORPORATION

Ang reputasyon ng Crown Equipment Corporation pagdating sa integridad ay hindi lamang nakabatay sa kalidad ng mga produkto at serbisyo ng Crown kundi nakabatay rin sa kasaysayan ng matapat, etikal at patas na pakikipag-ugnayan ng Crown sa lahat ng mga kapareha nito sa pagnenegosyo. Inaasahan ng Crown ang mga supplier nito na magpalakad nang mayroong integridad at mangakong sumunod sa mga prinsipyong katulad ng mga prinsipyong matatagpuan sa Alituntunin ng Pagkilos ng Crown. Kung nais mong makatanggap ng kopya ng Alituntunin ng Pagkilos ng Crown, tumungo sa www.crown.com.

Itinatakda ng Alituntunin ng Pagkilos para sa mga Supplier na ito ang mga batayan at naggagabay na mga prinsipyo at asal na sila namang nagsisilbing pundasyon ng mga aktibidad sa pagnenegosyo ng bawat supplier ng Crown. Ang mga pangangailangang ito ay sumasaklaw sa lahat ng mga supplier at kani-kanilang mga subsidiary at affiliate sa buong daigdig (bawat isa rito ay tinatawag na "Supplier") na nagsu-supply ng mga kalakal o serbisyo sa Crown Equipment Corporation o mga subsidiary o affiliate nito (sama-samang tinatawag na "Crown")

Pinupunan ngunit hindi pinapalitan ng Alituntunin ng Pagkilos para sa mga Supplier na ito ang alin mang mga karapatan o obligasyon ng Supplier sa alin mang mga tuntunin at kondisyon ng order ng pagbili o iba pang pakikipagkasunduang kabilang ang Crown.

1. PAGSUNOD SA MGA BATAS, SA ALITUNTUNING ITO AT MGA OBLIGASYON SA CROWN

Ang Crown ay nangangakong ito ay magpapalakad nang sumusunod sa lahat ng mga batas at regulasyong sumasaklaw sa mga aktibidad ng Crown sa buong daigdig. Ang Supplier ay estriktong susunod sa lahat ng mga batas, patakaran at regulasyong sumasaklaw, sa lahat ng pangangailangang nakatakda sa Alituntunin ng Pagkilos para sa mga Supplier na ito, at sa lahat ng mga obligasyon batay sa kontrata ng Supplier sa Crown.

A. Patas na Pakikitungo. Ang Supplier ay dapat sumunod sa lahat ng mga batas ukol sa paglaban ng monopolyo at ukol sa kompetisyon at iba pang mga batas na pumoprotekta sa patas na kompetisyon at hindi dapat makilahok sa ilegal na pakikipagsabwatan sa mga kakompetensiya, kabilang na ang pagmamanipula ng alok, pagtatakda ng presyo, paglalaan ng merkado o alin mang iba pang ipinagbabawal na gawaing naglilimita sa malaya at patas na kompetisyon.

B. Mga Batas Laban sa Panunuhol/Katiwalian. Ang Supplier ay dapat sumunod sa lahat ng mga sumasaklaw na batas at regulasyong lokal, pederal at internasyonal laban sa panunuhol at katiwalian, kabilang na ang, ngunit hindi limitado sa, US Foreign Corrupt Practices Act. Dapat tugunan o higitan ng Supplier ang mga naaangkop na regulasyon at pamantayan ng industriya ukol sa paglaban sa panunuhol at katiwalian. Hindi kailan man dapat gumawa ang Supplier ng ano mang hakbang na labag sa o magreresulta sa paglabag ng Crown sa alin mang batas o regulasyong sumasaklaw.

C. Mga Batas Laban sa Money Laundering. Ang Crown ay nagsasagawa ng negosyo kasama lamang ang mga reputadong supplier na nakikilahok sa mga lehitimong aktibidad sa pagnenegosyo gamit ang mga salapi mula sa mga lehitimong pinagkukunan. Ang Supplier ay dapat sumunod sa lahat ng mga batas na sumasaklaw kaugnay ng money laundering.

D. Pag-iwas sa Salungatan ng Interes. Polisiya ng Crown na magkaloob ng mga kontrata hinggil sa lahat ng mga kagamitan, supply at serbisyo batay sa merito. Dapat panatilihin ng lahat ng mga empleyado ng Crown na mayroong kaugnayan sa mga supplier o maaaring supplier ang pinakamataas na mga pamantayan ng etika at paggawi sa negosyo. Ang pagpapasiya sa pagbili ay dapat hindi maimpluwensiyahan ng salungatan ng interes at dapat hindi marungisan ng kahit mistulang salungatan ng interes o hindi nararapat na gawain. Ang Supplier ay dapat sumunod sa lahat ng mga polisiya ng Crown hinggil sa salungatan ng interes.

E. Pag-aangkat at Pagluluwas. Ang Supplier ay dapat sumunod sa lahat ng mga batas na sumasaklaw ukol sa pag-aangkat at pagluluwas, kabilang na ang lahat ng mga pangangailangang sumasaklaw ukol sa labeling, mga bayarin sa adwana, mga pangangailangan kaugnay ng mga sansiyon, at lahat ng iba pang mga batas patungkol sa pandaigdigang negosyo nito.

2. TAO AT KALIGTASAN

A. Dibersidad. Ang Supplier ay dapat sumunod sa prinsipyo ng pantay-pantay na oportunidad sa trabaho para sa lahat ng mga aplikante at empleyado. Ang Supplier ay dapat hindi makilahok sa ano mang diskriminasyon o panliligalig, maging ito man ay batay sa kasarian, lahi, kulay ng balat, pananampalataya, etnisidad, katayuan sa lipunan, edad, oryentasyon seksuwal, pinanggalingang bansa, kapansanan, paniniwala pagdating sa politika, o ano mang karagdagang mga katangiang pinoprotektahan ng batas.

B. Sapilitang Paggawa o Paggawa ng mga Menor de Edad. Ang Supplier ay dapat mag-empleyo o umupa lamang ng mga manggagawang umaabot sa naaangkop na pinakamababang edad na kinakailangan sa batas. Ang Supplier ay dapat sumunod sa Polisiya sa Paggawa ng mga Menor de Edad ng Crown at sa lahat ng mga batas na sumasaklaw kaugnay ng paggawa ng mga menor de edad at pang-aalipin, kabilang na ang, ngunit hindi limitado sa, Modern Slavery Act 2018 ng Australia. Ang Supplier ay dapat hindi gumamit o umupa ng paggawa bilang bayad-utang, sapilitang paggawa, pang-aalipin o pambubusabos, human trafficking o paggawang hindi kusang loob.

C. Kalusugan at Kaligtasan. Ang Supplier ay dapat sumunod sa lahat ng mga batas, patakaran at regulasyon na sumasaklaw ukol sa kalusugan at kaligtasan at sa lahat ng mga

polisiya, pamamaraan at inisyatibo sa kaligtasan ng Crown. Habang nasa pasilidad ng Crown at lokasyon ng customer ng Crown na kumakatawan sa Crown, ang Supplier ay dapat sumunod sa mga polisiya at pamamaraan sa Kapaligiran, Kalusugan at Kaligtasan ng Crown (maaaring humiling ng kopya). Kung ang Supplier ay nagsagawa ng ano mang trabaho sa pasilidad ng Crown, siya ay maaaring kailanganing magsumite ng Safe Plan of Action form (maaaring humiling ng kopya).

D. Kapaligiran at Sustainability. Ang Supplier ay dapat sumunod sa lahat ng mga batas, patakaran at regulasyon na sumasaklaw ukol sa kapaligiran at sa lahat ng mga polisiya, pamamaraan at inisyatibo sa kapaligiran/sustainability ng Crown. Habang nasa pasilidad ng Crown at lokasyon ng customer ng Crown na kumakatawan sa Crown, ang Supplier ay dapat sumunod sa mga pagtatakda ukol sa mga sangkap na sumasailalim sa regulasyon at ukol sa mga nilalaman ng mga produkto at sa mga sumasaklaw na batas na nagbabawal o naghihigpit sa paggamit, nilalaman o paghawak ng mga tukoy na sangkap, kabilang na ang, ngunit hindi limitado sa, RoHS (EU Restriction of Use of Certain Hazardous Substances), WEEE (EU Waste Electrical and Electronic Equipment), EU Battery Directive (EU Battery Waste), REACH (EU Registration, Evaluation, Authorization and Restriction of Chemicals), mga regulasyon sa mga conflict mineral, California Prop 65, at iba pang kahalintulad na mga batas at regulasyon. Ang Crown ay nananatiling mayroong karapatang kailanganin ang Supplier na magsumite ng talatanungan ukol sa sustainability bago pahintulutan itong magsimulang magtrabaho.

3. KUMPIDENSIYALIDAD; ARI-ARIANG INTELEKTUWAL; PRIBASIDAD NG DATOS

A. Dapat panatilihing ligtas ng Supplier ang impormasyong kumpidensiyal ng Crown na ibinigay sa Supplier ng o habang kinakatawan ang Crown, gamitin ito ayon lamang sa tagubilin ng Crown, at protektahan ito mula sa hindi pinahihintulutan o hindi sinasadyang paglalahad o paggamit.

B. Ang Supplier ay dapat sumunod sa lahat ng mga obligasyon nito sa Crown ukol sa kumpidensiyalidad at ari-ariang intelektuwal at dapat hindi nito gamitin ang mga trademark, imahen o iba pang ari-ariang intelektuwal ng Crown nang walang lahad na pagpapahintulot mula sa Crown.

C. Ang Supplier ay dapat sumunod sa lahat ng mga sumasaklaw na batas ukol sa pribasidad na nangangasiwa ng paghahawak ng impormasyon at datos na ibinigay ng o habang kinakatawan ang Crown, na maaaring naglalakip ng pribado at sensitibong impormasyon.

D. Inaasahan ng Crown ang Supplier na magsagawa ng mga hakbang ng pag-iingat upang maprotektahan ang sarili nito laban sa mga information technology ("IT") security breach at korapsyon ng sistema sa pagnenegosyo, at kung hihilingan Crown ay dapat itong magsagawa ng isang IT risk assessment checklist. Maaaring kabilang sa mga hakbang ng pag-iingat na iyon ang mga sumusunod: pagsasanay ng mga empleyado at pana-panahong pagte-test, IT security assessment sa pamamagitan ng mga independent firm, at mga pinakabagong technique sa pagpapanatili at pagprotekta ng integridad ng IT system.

4. PAGMAMATYAG; PAG-UULAT NG MGA PAGLABAG

A. Ang Supplier ay dapat magsagawa ng naaangkop na mga hakbang upang tiyaking ang mga empleyado, supplier at subcontractor nito ay sumusunod sa mga probisyon ng Alituntunin ng Pagkilos para sa mga Supplier na ito (o mga halos katumbas na alituntunin ng pagkilos).

B. Ang Supplier ay dapat agarang mag-ulat ng anumang pinaghihinalaang paglabag sa Alituntunin ng Pagkilos para sa mga Supplier na ito sa Kinatawan ng Supplier sa Pagbili sa Crown, Crown Compliance (Pagsunod ng Crown) sa compliance@crown.com o sa hotline ng Crown sa www.connectwithcrown.com.

C. Ang Crown ay nananatiling mayroong karapatang patunayan ang pagsunod ng Supplier sa pamamagitan ng pag-awdit o pagsisiyasat ng mga pasilidades at pamamalakad ng Supplier, kung saan ang ano mang mga gastusin ay responsibilidad ng Crown at kung saan mayroong makatwirang paunang sabi sa Supplier.